Grace Notes
Número 30

Dr. Charlie Bing

# Gaano Kalaking Pananampalataya Ang Kailangan Upang Maligtas?

Ang Biblia ay nangangako na “ang sinumang sumampalataya [kay Jesucristo] ay hindi mapapahamak kundi magkakaroon ng buhay ng walang hanggan” (Juan 3:16) at nagsasabing “sa biyaya kayo’y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya” (Ef 2:8). Ngunit gaano kalaking pananampalataya ang kailangan upang makamit ang kaligtasang ito?

Ang isang tao ay maaaring magtaka kung nanampalataya siyang sapat upang maligtas. Hindi nakapagtataka- mayroong nag-aangkin na ang kaligtasan ay binibigay lamang sa mga may sapat na pananampalataya, buong pananampalataya, espesiyal na pananampalataya, atbp, na nagpapahiwatig na ang pananampalataya ng isang tao sa pangako ng kaligtasan ay maaaring hindi sapat.

## Iba’t Ibang laki ng pananampalataya

Alam nating ang pananampalataya ay maaaring magbago sa tindi o dami dahil sa mga patotoo ng Biblia. Si Jesus ay nagbanggit ng mga may “maliit na pananampalataya” (hal Mat 6:30; 8:26; 14:31) at ng may mga “malaking pananampalataya” (hal Mat 8:10; 15:28). Ang lalaking may anak na pinalayas ang isang masamang espiritu ay mayroong maliit na pananampalataya, ngunit humingi ng mas malaki (Marcos 9:24). Si Jesus ay nagbanggit ng pananampalatayang kasinliit ng buto ng mustasa, ang pinakamaliit na butong agrikultural na alam ng panahong iyon (Mat 17:20; Lu 17:6).

Sa kaso ng lalaking may mahinang pananampalataya, malinaw na kahit ang maliit na taglay niya ay sapat upang makita ang himala ni Jesus. Si Jesus mismo ang nagsabing ang pananampalatayang sinliit ng butong mustasa ay sapat upang galawin ang bundok o isang punongkahoy. Nagpapahiwatig ito na ang laki ng pananampalataya ay hindi isyu; ang isyu ay ang layon at kapangyarihang inaabot ng pananampalataya.

## Pananampalataya at layon nito

Una, dapat bigyang pansin na ang mga pangako ng buhay na walang hanggan ng Biblia na nagbabanggit ng pananampalataya o nananampalataya ay hindi espisipikong nagbabanggit kung gaano kalaki ang pananampalatayang kailangan upang magkamit ng buhay na walang hanggan. (Ang Gawa 8:37 ay maaaring isang eksepsisyon nang sabihin ni Felipe sa Etiopeng eunuko na maaari siyang bautismuhan kung “nanampalataya ka nang buong puso,” ngunit ang v37 ay wala sa ilang mahahalagang manuskritong Griyego at dahil duon ay inalis sa maraming saling Ingles.

GraceNotes são projetados para download e cópia para que possam ser usados no ministério. Nenhuma permissão é necessária se eles forem distribuídos sem edição e sem custo. Se você não tiver um visualizador de PDF, clique aqui para baixar uma versão gratuita.

Gayun pa man, ang tugon ng eunuko, "Nananampalataya ako na si Jesucristo ay Anak ng Diyos" ay nagpapakita na ang *laki* ng pananampalataya ay hindi ang kritikal na kasagutan; sa halip, ang isyu ay ang *layon* ng pananampalataya.)

Ikalawa, hindi talaga ang pananampalataya ang nagliligtas sa atin. Kung titingnan natin ang Ef 2:8, "Sa biyaya kayo ay naligtas sa pamamagitan ng inyong pananampalataya," mahihiwalay natin ang dahilan (*sa* biyaya) at ang pamamaraan (*sa pamamagitan* ng pananampalataya). Halimbawa, kung sabihin ng isang tao na kaniyang hinugasan ang kaniyang kotse gamit ang hose, nauunawan natin na ang hose ay ang paraan kung saan ang dahilan ng paghuhugas (tubig) ay dumaloy. Ang hose ay hindi talaga naghugas ng kotse kundi ang tubig.ang pananampalataya mismo ay hindi isang pwersa, kundi daluyang dinadaanan ng kapangyarihan ng Diyos upang magligtas.

Ikatlo, ang pinakamaliit na pananampalataya ay sapat para sa kaligtasan kung ang layon ng pananampalatayang ito ay karapat-dapat. Dahil ang biyaya ng Diyos ang nagliligtas sa atin diyan kay Jesucristo, anumang laki ng pananampalataya sa Kaniya ay magliligtas. Halimbawa, ang isang tao nalulunod ay maaaring may malakas na pananampalataya sa isang bangka na may butas na hindi magliligtas sa kaniya, o may maliit na pananampalataya sa isang bangkang matino na magkapagliligtas sa kaniya. Ang pinakamahinang pananampalataya ay sapat upang magligtas kung ito ay may karapat-dapat na layon. Ang ibang tao ay may napakalaking pananampalataya sa huwad na relihiyon o sa isang huwad na pinuno ng relihiyon, ngunit sila ay hindi maliligtas. Ang mananampalatayang may napakaliit na pananampalataya sa karapat-dapat na Anak ng Diyos ay maliligtas, sapagkat ang kaligtasan ay hindi nakadepende sa tatag ng pananampalataya ng isang tao, kundi sa kasapatan ni Jesucristo na gawin ang kaniyang ipinangako.

## Pagbubuod

Ang pagsuri sa kalidad o laki ng pananampalataya ay isang subhetibong gawain sa kawalang halagahan. Ang kaligtasan at katiyakan ng kaligtasan ay dumarating lamang sa pamamagitan ng pagtuon sa pagiging karapat-dapat ni Jesucristo at Kaniyang pangakong magligtas. Ang isyu ay hindi gaano katindi tayo manampalataya, kundi ano ang ating sinasampalatayahan. Tayo ay nananampalataya kay Jesucristo para sa buhay na walang hanggan, o hindi.

GraceNotes são projetados para download e cópia para que possam ser usados no ministério. Nenhuma permissão é necessária se eles forem distribuídos sem edição e sem custo. Se você não tiver um visualizador de PDF, clique aqui para baixar uma versão gratuita.